TANDAAN: ANG KALIGTASAN SA SUNOG AY NAGSISIMULA SA IYO

Dapat tandaan ng mga residente ng gusali ang sumusunod:

- Maging pamilyar sa mga paraan ng pagtakas at mga daanan ng pagtakas sa gusali;
- Bumuo ng plano ng pagtakas sa sunog at magtalaga ng lugar kung saan magkita-kita ang lahat;
- Lumahok sa mga pag-uusap kaugnay ng pag-iwas sa sunog at sa mga pagsasanay para sa panahong may sunog na inorganisa ng gusali;
- Tiyakin na ang mga daanan sa pagtakas sa sunog (kabilang ang mga pasilyo at hagdanan) ay walang harang;
- Tiyakin na ang mga pintuan na pangharap sa usok, ang mga pang-exit na pintuan sa ground floor at ang mga pang-exit na pintuan sa bubungan ng gusali ay hindi naka-kandado;
- Panatilihing sarado ang mga pintuang pangharang sa usok upang maiwasan ang usok at ang apoy mula sa pagkalat at upang mabawasan ang pinsala sa sitwasyon ng sunog;
- Iulat ang anumang panganib ng sunog sa Kagawaran ng Serbisyo sa Sunog (Fire Services Department) sa pamamagitan ng pagtawag sa 2723 8787.

Kagawaran ng Serbisyo sa Sunog

Pagtakas sa Sunog

(菲律賓)

ANG MABUTING PLANO SA PAGTAKAS SA SUNOG AY MAKAKAPAGLIGTAS SA IYONG BUHAY!

Kung sumiklab ang sunog sa iyong unit

- Manatiling kalmado;
- Sabihin sa bawat isa sa inyong unit na umalis;
- Tumakas sa pinaka-malapit na hagdanan;
- Basagin ang breakglass unit sa pasilyo upang i-activate ng alarma ng sunog;
- Tumawag sa “999” upang iulat ang sunog kapag ligtas ka na.

Kapag nakarinig ka ng alarma ng sunog

- Tumugon at kumilos nang mabilis;
- Manatili sa unit kapag pinapahintulutan ng sitwasyon. Kung may sunog, tumawag sa “999” upang abisuhan ang Kagawaran ng Serbisyo sa Sunog at gawin ang sumusunod na hakbang:

Bago umalis sa unit

- Tasahin ang panganib ng pagtakas mula sa unit;
- Magpasya kaagad kung manatili sa unit o umalis.

Kung magpasya kang manatili sa unit

- Sarhan ang pintuan at sarhan ang anumang puwang sa paligid nito gamit ang duct tape at tuwalya;
- Kung magpapatuloy ang usok sa pagpasok sa unit, tumawag sa "999" at sabihin sa Kagawaran ng Serbisyo sa Sunog kung saan ka nakukulong;
- Lumipat sa silid na walang usok;
- Ipakita sa tauhan ng kagawaran ng sunog ang iyong kinaroroonan sa pamamagitan ng pagsampay ng isang kubre kama o pagwawagayway ng tuwalya sa balkonahe o sa bintana.

Kung magpasya kang umalis sa unit

- Dalhin ang tatlong nakakatulong na item para sa pagtakas sa sunog (cell phone, mga susi at basang tuwalya);
- Kung ang pasilyo ay walang usok, umalis kaagad sa unit;
- Isara ang pintuan ng unit;
- Tumakas sa pamamagitan ng pinaka-malapit na hagdanan at huwag gumamit ng elevator;
- Kung may usok sa hagdanan, tumakas kaagad sa ibang hagdanan;
- Kung walang hagdanan na may ligtas na daanan, bumalik sa iyong unit o subukang kumatok sa pintuan ng ibang unit hanggang makakakita ka ng ligtas na lugar na masisilungan;
- Kung ang usok ay humaharang sa iyong daanan, gumapang sa sahig dahil ang hangin ay mas sariwa malapit sa lupa.